[Simula Hulyo 22, 2004]

**Mga Probisyon Laban sa Panunuhol at ukol sa mga Libro & mga Tala ng**

**Batas na nauukol sa Panunuhol sa mga Opisyal ng Ibang Bansa**

***May-bisa sa pamamagitan ng Pub. L. 105-366 (Nobyembre 10, 1998)***

**KODIGO NG ESTADOS UNIDOS**

**TITULO 15. KOMERSYO AT KALAKALAN**

**KABANATA 2B—MGA PANAGOT MGA PALITAN**

**§ 78m. Periodiko at ibang mga ulat**

**(a) Mga ulat ng taga-gawad ng panagot; mga nilalaman**

Ang bawat taga-gawad ng panagot na rehistrado alinsunod sa seksyon 781 ng titulong ito ay magfafayl sa Komisyon, ayon sa mga tuntunin at mga kautusan na maaring iutos ng Komisyon na kinakailangan o naaankop para sa tamang proteksyon ng mga namumuhunan at para siguraduhin ang makatarungang pagtrato sa panagot--

(1) ang gayong impormasyon at mga dokumento (at mga kopya ng mga ito) dahil iuutos ng Komisyon na itago ang kasalukuyang impormasyon at mga dokumentong kailangang isama sa o ifayl kasama ng aplikasyon o ng pahayag ng pagrerehistro na alinsunod sa seksyon 781 nang titulong ito, maliban na lang kung hindi iutos ng Komisyon ang pagfafayl ng kahit anong mahalagang kontrata na ganap na naipatupad bago ang Hulyo 1, 1962.

(2) ang gayung mga taunang ulat (at mga kopya ng mga ito), na pinatotohanan kung itinatakda ng mga alintuntunin at mga kautusan ng Komisyon, ng mga malayang pampublikong tagatuos, at ganoon din ang mga pang-sangkapat na ulat (at ang mga kopya ng mga ito), tulad ng maaring iutos ng Komisyon.

Ang bawat taga-gawad ng panagot na rehistrado sa isang pambansang panagot palitan ay magfafayl din sa palitan ng kopya ng orihinal na ganoong impormasyon, mga dokumento, at mga tala.

**(b) Klase ng ulat; mga libro, mga tala, at pagtutuos na panloob; mga direktiba**

(2) ang bawat taga-gawad na mayroong klasipikasyon ng mga panagot na rehistrado alinsunod sa seksyon 781 ng titulong ito at ang bawat taga-gawad na kailangang magfayl ng mga tala alinsunod sa seksyon 780(d) ng titulong ito ay dapat--

(A) gumawa ng mga libro, mga tala, at mga kuwenta at itabi ang mga ito, sa resonableng detalye, na ipinapakita nang wasto at makatarungan ang mga transaksyon at mga deposito ng mga asset ng taga-gawad; at

(B) magbalangkas at magpanatili ng mga sistema ng pamamahalang pangloob tuusin na sapat na magdudulot ng mga makatwirang kasiguruhan na--

(i) isinasagawa ang mga transaksyon ayon sa pangkalahatan at partikular na pahintulot ng mga tagapamahala;

(ii) itinatala ang mga transaksyon tulad ng kinakailangan (I) upang pahintulutan ang paghahanda ng mga ulat pananalapi bilang pag-alinsunod sa mga karaniwang tinatanggap na mga alituntunin ng tuusin o kahit anong iba pang pamantayan na tinutukoy sa gayong mga ulat, at (II) upang panatilihing pinananagutan ang mga asset;

(iii) pinahihintulutan ang pag-access sa mga asset kapag lamang kung ito ay ayon sa pangkalahatan at partikular na pahintulot ng mga tagapamahala, at

(iv) ang naitalang pananagutan para sa mga asset ay ihahambing sa umiiral na mga asset sa makatwirang patlang ng panahon at gagawin ang naaangkop tungkol sa anumang pagkakaiba.

(3) (A) Tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa pambansang sekuridad ng Estados Unidos, walang tungkulin o sagutin alinsunod sa parapo (2) ng sabseksyon na ito ang ipapataw sa kahit sinong taong nakikipagtulungan sa pinuno ng kahit anong departamento o ahensya ng Gobyerno Pederal na responsable sa mga ganoong bagay kung ang pakikipagtulungan sa pinuno ng departamento o ahensya ay ginawa ayon sa partukular, nakasulat na kautusan ng pinuno ng departamento o ahensya alinsunod sa kapangyarihan ng pangulo na magbigay ng ganoong mga kautusan. Ang bawat kautusang inilabas na alinsunod sa parapong ito ay magtatakda ng partikular na mga impormasyon at pagkakataon na kung saan gagamitin ang mga probisyon sa parapong ito. Ang bawat ganoong kautusan, maliban na lang kung baguhin nang nakasulat, ay mawawalan ng bisa isang taon pagkatapos ng petsang maigawad.

(B) Ang bawat pinuno ng departamento o ahensya ng Estados Unidos na naggagawad ng ganoong kautusan alinsunod sa parapong ito ay magpapanatili ng kompletong fayl ng lahat ng ganoong kautusan at, sa Oktubre 1 ng bawat taon, ay magpapadala ng kabuuan tungkol sa mga bagay na sakop ng mga kautusang ipinatupad sa kahit anong panahon sa nakaraang taon, sa Lupong ng Permanenteng Tagapili tungkol sa Kaalaman ng Kapulungan ng mga Kinatawan at sa Lupon ng Tagapili tungkol sa Kaalaman sa Senado.

(4) Hindi sasampahan ng kasong kriminal ang hindi pagtupad ng mga iniuutos sa parapo (2) ng sabseksyon na ito maliban na lang kung iginawad sa parapo (5) ng sabseksyon na ito.

(5) Walang tao ang kusang mandadaya o kusang hindi patutuparin ang sistema ng pamamahala sa pangloob tuusin o kusang papalsipikahin ang kahit anong libro, tala o kuwenta na inilalarawan sa parapo (2).

(6) Kapag ang taga-gawad na mayroong isang klasipikasyon ng mga panagot na rehistrado alinsunod sa seksyon 781 ng titulong ito o taga-gawad na kailangang magfayl ng mga ulat alinsunod sa seksyon 78o(d) ng titulong ito ay may hawak na 50 porsiyento o mas maliit, ang kapangyarihang bumoto ukol sa kompanyang domestiko o mula sa ibang bansa, ang mga probisyon ng parapo (2) ay inuutos lang na ang taga-gawad ay may magandang intensiyon para gamitin ang kanyang impluwensya, hangga't ito ay makatwiran alinsunod sa kalagayan ng taga-gawad, na maging dahilan para ang kompanyang domestiko o mula sa ibang bansa ay gagawa at magpapanati ng sistemang mamamahala sa pangloob tuusin na naaalinsunod sa parapo (2). Ang ganoong mga kalagayan kasama na ang ukol sa antas ng pagmamayari ng taga-gawad sa kompanyang domestiko o mula sa ibang bansa at ang mga batas at mga gawain na namamahala sa mga pagnenegosyo ng bansa na kung saan ang kompanya ay naroroon. Ang taga-gawad na nagpapakita ng magandang intensiyon para gamitin ang ganoong impluwensya ay ipapalagay na tumutupad sa mga iniuutos sa parapo (2).

(7) Para sa layunin ng parapo (2) ng sabseksiyon na ito, ang mga terminong "mga makatwirang pagseseguro" at "makatwirang detalye" ang level ng detalye at antas ng pagseseguro na tulad ng makapagbibigay ng kasiyahan sa mga opisyal sa pagtupad ng kanilang mga gawain.

***

**§ 78dd-1 [Seksyon 30A ng Batas ng 1934 na ukol sa mga Panagot & Palitan].**

**Mga ipinagbabawal sa mga taga-gawad na pakikipagkalakalan sa ibang bansa.**

**(a) Pagbabawal**

Magiging paglabag sa batas para sa kahit sinong taga-gawad na mayroong klasipikasyon ng mga panagot na rehistrado alinsunod sa seksyon 781 ng titulong ito o na kailangang magfayl ng mga ulat alinsunod sa seksyon 78o(d) ng titulong ito o para sa kahit sinong opisyal, patnugot, empleyado o ahente ng taga-gawad o kahit sinong kasapi ng namumuhunan na kumikilos para sa taga-gawad, na gamitin ang koreo o kahit anong paraan o pamamaraan ng pakikipagkalakalan sa ibang estado sa korap na paraan para makumpleto ang isang alok , bayad, pangakong magbabayad, o pagpapahintulot ng pagbayad ng kahit anong salapi, o alok, regalo, o pangakong magbibigay, o pagpapahintulot na magbigay ng kahit anong bagay na may halaga sa--

(1) kahit sinong opisyal ng ibang bansa para sa mga layuning--

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng gayong opisyal ng ibang bansa sa kanyang opisyal na kapasidad na, (ii) kayagin ang gayong opisyal ng ibang bansa na gawin o

hindi gawin ng kahit anong bagay na paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayong opisyal, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong opisyal ng ibang bansa o sangay nito upang gamitin ang kanyang impluwensya sa gobyerno ng ibang bansa o ng sangay nito para makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng gayong gobyerno o sangay nito.

Upang tulungan ang gayong taga-gawad sa pagkukuha o sa pagpapanatili ng negosyo para sa o kasama sa, o sa pagbibigay ng negosyo sa, kahit sinong tao; o

(2) kahit anong partidong politikal ng ibang bansa o opisyal nito o kahit sinong kandidato para sa posisyong politikal ng ibang bansa para sa mga layuning--

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng gayong partido, opisyal, o kandidato sa kanyang opisyal na kapasidad na, (ii) yakagin ang gayong partido, opisyal, o kandidato na gawin o hindi gawin ang isang bagay na paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayong partido, opisyal, o kadidato, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong partido, opisyal o kandidato na gamitin ang kanyang impluwensya sa gobyerno ng ibang bansa o sangay nitopara makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng gayong gobyerno o sangay nito.

upang tulungan ang gayong taga-gawad sa pagkukuha o sa pagpapanatili ng negosyo para sa o kasama sa, o sa pagbibigay ng negosyo sa, kahit sinong tao; o

(3) kahit sinong tao, habang alam na ang lahat o bahagi ng gayong salapi o bagay na may halaga ay iaalok, ibibigay, o ipapangako, direkta o hindi direkta, sa kahit sinong opisyal ng ibang bansa, sa kahit anong partidong politikal o opisyal nito, o sa kahit sinong kandidato para sa panunungkulang politikal sa ibang bansa,, para sa mga layuning - -

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido, o kandidato sa kanyang opisyal na kapasidad na, (ii) kayagin ang opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido, o kandidato na gumawa o hindi gumawang kahit anong bagay na paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido o kadidato, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido o kandidato na gamitin ang impluwensya nito sa gobyerno ng ibang bansa o sangay nito para makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng gayong gobyerno o sangay nito.

Upang tulungan ang gayong taga-gawad sa pagkukuha o pagpapanatiling negosyo para sa o kasama sa, o sa pagbibigayng negosyo sa, kahit sinong tao.

**(b) Eksepsiyon sa karaniwang aksyong pangpamahalaan**

Ang mga sabseksyon (a) at (g) ng seksyon na ito ay hindi magiging angkop para sa kahit anong pagpapabilis ng pagbayad sa isang opisyal ng ibang bansa, partidong politikal o opisyal ng partido para sa layuning pabilisino masiguro ang pagsasagawa ng karaniwang aksyon ng pamahalan, ng isang opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, o opisyal ng partido.

**(c) Mga depensang afirmativo**

Magiging isang depensang afirmativo sa mga aksyon alinsunod sa sabseksyon (a) o (g) ng seksyon na ito na--

(1) ang kabayaran, regalo, alok, o pangako ng kahit anong may halaga na ginawa, ay naaayon sa batas alinsunod sa mga nakasulat nabatas at mga kautusan ng bansa ngopisyal, ng partidong politikal, ng opisyal ng partido o ng kandidato; o

(2) ang kabayaran, regalo, alok, o pangako ng kahit anong may halaga na ginawa, na isang makatwiran at tunay na paggugol, katulad ng mga gastos para sa pagbibiyahe at tirahan, na ginastos ng o ginastos sa ngalan ng opisyal ng ibang bansa, partido, opisyal ng partido, o kandidato ng ibang bansa at direktang may kinalaman sa –

(A) promosyon, demonstrasyon, o pagpapaliwanag ng mga produkto o mga serbisyo; o

(B) pagpapatupad o pagsasagawa ng isang kontrata sa pamahalaan ng ibang bansa o ahensya nito.

**(d) Mga pamatnubay mula sa Punong Abogado ng Pamahalaan**

Wala pang isang taon pakalipas ng Agosto 23, 1988, ang Punong Abogado ng Pamahalaan, pagkatapos sumangguni sa Komisyon, sa Kalihim ng Komersyo, sa Kinatawan ng Kalakalan ng Estados Unidos, sa Kalihim ng Estado, at sa Kalihim ng Ingatang-yaman at pagkatapos malaman ang mga opinyon ng lahat ng mga taong interesado, sa pamamagitan ng pagpapatalastas sa madla at mga pagkokomentrayo, ay magpapasya kung paano madaragdagan ang pagsunod sa mga itinatakda ng seksyon na ito at kung paano matutulungan ang mga negosyante para mas lalo nilang naiintindihan ang mga nauunang probisyon ng seksyon na ito at maaring, base sa gayong pagpapasya at sa abot ng kinakailangan at pagkakaakma, ay maglalabas ng- -

(1) mga pamatnubay na naglalarawan ng partikular na mga klasei ng asal, na kaugnay sa mga karaniwang klase ng mga pakikipag-ayos sa mga pagbebenta ng kalakalan-panluwas at mga kontrata sa pagnenegosyo, na para sa mga layunin ng kasalukuyang patakaran para sa pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan, ang Punong Aboado ng Pamahalaan ang magpapasiya kung umaayon ang mga ito sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito; at

(2) mga pangkalahatang paraan para sa pag-iingat na maaring kusang loob na gamitin ng mga taga-gawad para itulad ang kanilang asal sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan ukol sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito.

Ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay maglalabas ng mga pamatnubay at mga pamamaraan na binabanggit sa nauunang pangungusap ayon sa mga probisyon ng sabkabanata II ng kabanata 5 ng Titulo 5 at yong mga pamatnubay at mga pamamaraan ay mapapasailalim sa mga probisyon ng kabanata 7 ng titulong iyon.

**(e) Mga opinyon ng Punong Abogado ng Pamahalaan**

(1) Ang Punong Abogado ng Pamahalaan, pagkatapos sumangguni sa naaakmang mga departamento at mga ahensya ng Estados Unidos at pagkatapos matanggap ang mga opinyon ng lahat ng mga interesadong tao sa pamamagitan ng isang pagpapatalastas sa madla at mga pagkokomentrayong, ay magtatatag ng pamamaraan na sagutin ang partikular na mga katanungan ng mga taga-gawad tungkol sa kanilang pagsunod sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan ukol sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito. Ang Punong Abogado ng Pamahalaan, sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang ganoong kahilingan, ay maglalabas ng opinyonbilang tugon sa kahilingan na iyon. Sasabihin sa opinyon kung ang ilang mga partikular na maaring asal, para sa mga layunin ng kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan, ay lumalabag o hindi sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito. Ang karagdagang mga kahilingan para sa mga opinyon ay maaring ifayl sa Punong Abogado ng Pamahalaan tungkol sa iba pang partikular na maaring asal na hindi sakop sa mga asal na binabanggit sa nauunang mga kahilingan. Sa kahit anong aksyon na isinama na akma sa mga probisyon ng seksyon na ito, magkakaroon ng ganting-sagot na pagsasapantaha, na ang asal nabinanggit sa isang kahilingan ng taga-gawad at na ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay naglabas ng opinyon na ang ganoong asal ay naaakma sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan, ay sumusunod sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito. Ang gayong pagsasapantaha ay maaring pakliin sa pamamagitan ng kahigitan ng ebidensya. Sa pagsasaalang-alang ng pagsasapantaha para sa mga layunin ng parapong ito, titimbangin ng korte ang lahat ng nauugnayna mga dahilan, kasama ngunit hindi nalilimita sa kung ang impormasyong isinumite sa Punong Abogado ng Pamahalaan ay wastong-wasto at kompleto at kung ito at nasa loob ng saklaw ng asal na binabanggit sa anumang kahilingang natanggap ng Punong Abogado ng Pamahalaan. Ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay magtatatag ng pamamaraan na itinatakda sa parapong ito ayon sa mga probisyon ng sab-kabanata II ng kabanata 5 ng Titulo 5 at itong mga pamamaraan ay mapapasailalim sa mga probisyon ng Kabanata 7 ng titulong iyon.

(2) ang kahit anong dokumento o iba pang materyales na ibinigay sa, natanggap ng, o ginawa sa Kagawaran ng Katarungan o kahit anong departamento o ahensya ng Estados Unidos na may

kinalaman sa kahilingan ng taga-gawad alinsunod sa pamamaraang itinatag sa ilalim ng parapo (1), ay di saklaw sa pagsisiwalat alinsunod sa seksyon 552 ng Titulo 5 at hindi, maliban na lang kung pinahintulutan ng taga-gawad, maipapabatid sa madla, kahit sagutin ng Punong Abogado ng Pamahalaan ang ganoong kahilingan o iurong ng taga-gawad ang gayong kahilingan bago makatanggap ang tugon.

(3) Ang kahit sinong taga-gawad na gumawa ng kahilingan sa Punong Abogado ng Pamahalaan alinsunod sa parapo (1) ay maaring iurong ang gayong kahilingan bago maglabas ang Punong Abogado ng Pamahalaan ng opinyon bilang tugon sa gayong kahilingan. Ang anumang inurong na kahilingan ay mawawalan ng bisa o epekto.

(4) Ang Punong Abogado ng Pamahalaan, sa abot ng magagawa,, ay magbibigay ng napapanahong pamamatnubay tungkol sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan na may kinalaman sa mga nauunang probisyon ng seksyon na ito sa potensyal na exporter at mga maliit na negosyo na hindi nakakakuha nga payo ng isang dalubhasa ukol sa mga isyu na may kinalaman sa ganoong mga probisyon. Ang gayong gabay ay magiging limitado sa mga pagtugon sa mga kahilingan alinsunod sa parapo (1) na tungkol sa pag-alinsunod sa binabanggit na maaring asal na umaayon sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan na hinggil sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito at ng pangkalahatang paliwanag ng pagpapatupad ng mga responsibiliad at ng maaring pananagutan na alinsunod sa mga nauunang probisyon ng seksyon na ito.

**(f) Mga Kahulugan**

Para sa mga layunin ng seksyon na ito:

(1) (A) Ang terminong “opisyal ng ibang bansa” ay ang kahit sinong opisyal o empleyado ng isang gobyerno ng ibang bansa o kahit anong departamento, ahensya o sangay nito o ng isang pangmadlang organisasyon na pandaigdig, o kahit sinong taong kumakatawan sa isang opisyal sa kapasidad para sa o sa ngalan ng kahit anong gobyerno, o departamento, o ahensya , o sangay, o para sa o sa ngalan ng kahit anong gayong pangmadlang organisasyon na pandaigdig.
(B) Para sa mga layunin ng sab-parapo (A), ang terminong “pangmadlang organisasyon na pandaigdig” ay --

(i) ang isang organisasyon na hinirang ng isang Utos Ehekutibo alinsunod sa seksyon 1 ng Batas ukol sa mga Immunity ng mga Ogranisasyon na Pandaigdig (22 U.S.C.§ 288); o

(ii) ang kahit anong organisasyon na pandaigdig na hinirang ng Pangulo sa pamamagitan ng isang Utos Ehekutibo para sa mga layunin ng seksyon na ito, na may bisa simula sa petsa ng paglalathala ng gayong utos sa Rehistro Pederal

(2) (A) Ang kalagayan ng isip ng isang tao ay “nalalaman” ang tungkol sa asal, sa isang sirkumstansya, o resulta, kung --

(i) ang gayong tao ay alam na ang isang tao ay may ginagawang kaasalan, na nangyayari ang ganoong sirkumstansya, o na ang ganoong resulta ay siguradong mangyayari; o

(ii) ang gayong tao ay may matinding paniniwala na umiiral ang ganoong sirkumstansya o na ang ganoong resulta ay siguradong mangyayari.

(B) Kapag kinakailangan ang kaalaman tungkol sa isang partikular na sirkumstansya para sa isang paglabag, ang ganoong kaalaman ay napapatibayan kung alam ng tao na may malaking probabilidad na nangyayari ang ganoong sirkumstansya, maliban kung ang tao ay talagang naniniwala na ang sirkumstansya ay hindi nangyayari.

(3) (A) Ang terminong "karaniwang kilos pangpamahalaan" ay ang karaniwang at kalimitang ginagawa ng isang opisyal ng ibang bansa sa--

(i) pagkukuha ng mga permit, mga lisensya, o ibang opisyal na mga dokumento upang maging marapat ang isang tao na makipagnegosyo sa ibang bansa;

(ii) paglalakad ng mga papeles pangpamahalaan, tulad ng mga bisa at mga panuto sa paggawa;

(iii) pagbibigay ng proteksyon ng pulisya, pagkukuha at paghahatid ng koreo, o pagtatakda ng mga inspeksyon na may kinalaman sa pagsasakatuparan ng kontrata o mga inspeksyon na kaugnay sa paglululan ng mga kalakal sa kabilang ibayo ng bansa;

(iv) pagbibigay ng mga serbisyo para sa telepono, kuryente at tubig, pagkakarga at pagdidiskarga ng mga karga, o pagpapangalaga na hindi bulok ang mga produkto o mga kalakal na bulukin; o

(v) mga kilos na tulad ng mga nauuna.

(B) Hindi kasama sa terminong "karaniwang kilos pangpamahalaan" ang kahit anong desisyon ng opisyal ng ibang bansa sa kung kanino, o sa anong mga kondisyon, igagawad ang bagong negosyo o kung ipagpapatuloy ang pakikipagnegosyo saisang partikular na partido, o ang kahit anong ginawa ng opisyal ng ibang bansa na may kinalaman sa pagdedesisyon upang himukin ang desisyon sa kung kanino igagawad ang bagong negosyo o kung ipagpapatuloy ang pakikipagnegosyo sa isang partikular na partido.

**(g) Alternatibong Hurisdiksyon**

(1) Magiging paglabag din sa batas para sa kahit sinong taga-gawad na itinatag alinsunod sa mga batas ng Estados Unidos, o ng Estado, teritoryo, possession, o commonwealth ng Estados Unidos o ng sangay politika nito at mayroong klasipikasyon ng mga panagot na rehistrado alinsunod sa seksyon 12 ng titulong ito o na kinakailangang magfayl ng mga ulat alinsunod sa seksyon 15(d) ng titulong ito, o para sa kahit sinong Amerikanong opisyal, patnugot, empleyado, o ahente ng gayong taga-gawad o isang aksyonita na kumikilos sa ngalan ng gayong taga-gawad, para gumawa ng anumang katiwalian sa labas ng Estados Unidos sa pagsulong ng pag-alok, pagbayad, pangakong magbabayad o ng pagpapahintulot ng pagbayad ng kahit anong salapi, o alok, regalo, o pangakong magbibigay ng pahintulot, o pagpapahintulot ng pagbibigay ng kahit anong bagay na may halaga sa kahit sinong mga tao o mga entidad na binabanggit sa mga parapo

(1), (2) at (3) ng sabseksyon (a) ng seksyong ito para sa mga layuning itinatakda dito, hindi isinasaalang-alang na kung ang gayong taga-gawad o ang gayong opisyal, patnugot, empleyado, ahente, o aksyonista ay ginagamit ang mga koreo o kahit anong paraan o instrumentong pangangalakal sa ibang estado sa pagsulong ng ganoong alok, regalo, kabayaran, pangako, o pahintulot.

(2) Tulad ng ginagamit sa sabseksyong ito, ang terminong "tao ng Estados Unidos" ay ang isang mamamayan ng Estados Unidos tulad ng binabanggit sa seksyon 101 ng Batas ukol sa Imigrasyon at Nasyonalidad (8 U. S. C. § 1101) o kahit anong korporasyon, kasosyo, asosasyon, kompanya ng aksyong pinagsamang, negosyong nabuo sa pamamagitan ng trust, korporasyon na di-inkoporayted, o sariling pagmamay-ari na itinatag alinsunod sa ng mga batas ng Estados Unidos o kahit anong Estado, teritoryo, possession, commonwealth ng Estados Unidos, o kahit anong sangay na politikal nito.

**§ 78dd-2 Mga ipinagbabawal na pakikipagkalakalan sa ibang bansa ng mga domestic concern (Amerikano/negosyong Amerikano)**

**(a) Pagbabawal**

Magiging paglabag sa batas para sa kahit aling domestic concern , maliban sa taga-gawad na saklaw sa seksyon 78dd-1 ng titulong ito, o para sa kahit sinong opisyal, patnugot, empleyado o ahente ng gayong domestic consern o kahit sinong aksyonista nito na kumikilos sa ngalan ng gayong domestic concern, na gamitin ang mga koreo o kahit anong mga paraan o instrumento ng pangangalakal sa ibang estado sa pagsulong ng alok, kabayaran, pangakong magbabayad o pahintulot ng kabayaran ng kahit anong salapi, o alok, regalo, pangakong magbibigay, o pahintulot para sa pagbibigay ng kahit anong bagay na may halaga sa- -

(1) kahit sinong opisyal ng ibang bansa para sa mga layuning--

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng gayong opisyal ng ibang bansa sa kanyang opisyal na kapasidad, (ii) na kayagin ang gayong opisyal ng ibang bansa na gawin o hindi gawin ang kahit anong bagayna paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayong opisyal, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong opisyal, o kandidato na gamitin ang kanyang impluwensya sa gobyerno ng ibang bansa o sangay nitopara makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng gayong gobyerno o sangay,

upang tulungan ang gayong domestic concern sa pagkukuha o pagpapanatili ng negosyo para sa o kasama sa, o sa pagbibigay ng negosyo sa, kahit sinong tao;

(2) kahit anong partidong politikal ng ibang bansa o opisyal nito o kahit sinong kandidato para sa panunungkulang politikal sa ibang bansa para sa mga layuning--

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng gayong partido, opisyal, o kandidato sa opisyal na kapasidad nito, (ii) kayagin ang gayong partido, opisyal, o kandidato na gawin o hindi gawin ang isang bagay na paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayong partido, opisyal, o kadidato, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong partido, opisyal o kandidato na gamitin ang impluwensya nito sa gobyerno ng ibang bansa o sangay nito para makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng gayong gobyerno o sangay,

upang tulungan ang gayong domestic concern sa pagkukuha o pagpapanatili ng negosyo para sa o kasama sa, o sa pagbibigay ng negosyo sa, kahit sinong tao;

(3) kahit sinong tao, bagamat alam na ang lahat o bahagi ng gayong salapi o bagay na may halaga ay iaalok, ibibigay, o ipapangako, nang direkta o hindi direkta, sa kahit sinong opisyal ng ibang bansa, sa kahit anong partidong politikal ng ibang bansa o opisyal nito, o sa kahit sinong kandidato para sa panunungkulang politikal ng ibang bansa, para sa mga layuning --

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido, o kandidato sa opisyal na kapasidad nito na, (ii) kayagin ang gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido, o kandidato na gawin o hindi gawin ang kahit anong bagay na paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido o kadidato, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido o kandidato na gamitin ang impluwensya nito sa gobyerno ng ibang bansa o sangay nitopara makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng ganoong gobyerno o sangay,

upang tulungan ang gayong domestic concernsa pagkukuha o pagpapanatili ng negosyo para sa o kasama sa, o sa pagbibigay ng negosyo sa, kahit sinong tao.

**(b) Eksepsyon sa karaniwang aksyong pangpamahalaan**

Ang mga sabseksyon (a) at (i) ng seksyon na ito ay magiging hindi angkop para sa kahit anong pagpapabilis ng pagbayad sa opisyal ng ibang bansa, partidong politikal o opisyal ng partido para sa layuning pabilisin o masiguro ang pagsasagawa ng karaniwang aksyong pangpamahalan, ng isang opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, o opisyal ng partido.

**(c) Mga depensang afifmativo**

Magiging isang depensang afirmativo sa mga aksyon alinsunod sa sabseksyon (a) o (i) ng seksyon na ito na--

(1) ang kabayaran, regalo, alok, o pangako ng kahit anong may halaga na ginawa, na alinsunod sa mga nakasulat na batas at mga kautusan ng bansa ng opisyal, ng partidong politikal, ng opisyal ng partido o ng kandidato; o

(2) ang kabayaran, regalo, alok, o pangako ng kahit anong may halaga na ginawa, na makatwiran at totoong ginugol, tulad ng mga gastos para sa pamasahe at tirahan, ng o sa ngalan ng opisyal ng ibang bansa, partido, opisyal ng partido, o kandidato at direktang may kinalaman sa--

(A) promosyon, demonstrasyon o pagpapaliwanag ng mga produkto o mga serbisyo; o

(B) pagpapatupad o pagsasagawa ng kontrata sa pamahalaan ng ibang bansa o ahensya nito.

**(d) Injunctive relief (inuutos na lunas)**

(1) Kapag sa tingin ng Punong Abogado ng Pamahalaan na ang kahit sinong/aling domestic concern, o opisyal, patnugot, empleyado, ahente o aksyonista nito, na naaakma ang seksyong ito, ay gumawa, o gagawa, ng kahit anong bagay na paglabagsa sabseksyon (a) o (i) ng seksyong ito, ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay maaring, sa kanyang mabuting pagpapasya, magsampa ng isang kasong sibil sa naaangkop na korte distrito ng Estados Unidos para pigilin na ang gayong kilos o kaugalian, at sa pamamagitan ng pagpapakita ng wastong ebidensya, ay pahihintulutan ang isang permanenteng injunction (utos ng pagbabawal) o pansamantalang restraining order (utos na pumupigil) na kung saan hindi pwede ang piyansa.

(2) Para sa layunin ng kahit anong imbestigasyong sibil na, sa opinyon ng Punong Abogado ng Pamahalaan, ay kinakailangan at nararapat para ipatupad ang itinatakda sa seksyong ito, ang Punong Abogado ng Pamahalaan o ang kanyang hinirang na kinatawan ay may kapagyarihang magsagawa ng pagpapanumpa at pagpapatotoo, isubpena ang mga testigo, kumuha ng ebidensya, at iutos na ilabas ang kahit anong mga libro, mga papeles, o mga iba pang dokumento na sa palagay ng Punong Abogado ng Pamahalaan ay nauugnay o mahalaga sa gayong imbestigasyon. Ang pagdalo ng mga testigo at ang paglalabas ng mga dokumentong ebidensya ay maaring iutos na manggaling mula sa kahit saang dako ng Estados Unidos, o kahit saang teritoryo, possession, o commonwealth ng Estados Unidos, at papuntahin/ipadala sa kahit saang lugar na itinakda para sa pagdinig.

(3) Kung sakaling suwayin o hindi sundin ang subpenang ipinadala sa kahit sinong tao, ang Punong Abogado ng Pamahalaanay maaring humingi ng tulong sa kahit anong korte ng Estados Unidos na may hurisdiksyon sa ginagawang imbestigasyon o paglilitis, o sa kung saan nakatira o nagnenegosyoang taong iyon, sa pag-utos na dumalo at magtestigo ang mga testigo, at na ilabas ang mga libro, mga papeles, o iba pang mga dokumento. Ang anumang gayong korte ay maaring maglabas ng isang kautusan na inuutusan ang gayong tao na humarap sa Punong Abogado ng Pamahalaan o sa kanyang hinirang na kinatawan, para ipakita ang mga tala, kung iniuutos, o magtestigo tungkol sa bagay na iniimbestigahan. Ang kahit anong hindi pagsunod sa ganoong kautusan ng korte ay maaring parusahan ng korteng iyon ng pagsuway sa inuutos nito.

Ang lahat ng proseso ng pag-aabot sa anumang gayong kaso ay maaring gawin sa distritong panghudisyal na kung saan nakatira o makikita ang gayong tao. Ang Punong Abogado ng

Pamahalaan ay maaring gumawa ng mga tuntunin na may kinalaman sa imbestigasyong sibil kung kinakailangan o naaangkop para ipatupad ang mga probisyon ng sabseksyon na ito.

**(e) Mga pamatnubay mula sa Punong Abogado ng Pamahalaan**

Wala pang anim na buwan pakalipas ng Agosto 23, 1988, ang Punong Abogado ng Pamahalaan, pagkatapos sumangguni sa Komisyon ng mga Panagot at Palitan, sa Kalihim ng Komersyo, sa Kinatawan ng Kalakalan ng Estados Unidos, sa Kalihim ng Estado, at sa Kalihim ng Ingatang-yaman at pagkatapos matanggap ang mga opinyon ng lahat ng mga taong interesado sa pamamagitan ng pagpapatalastas sa madla at mga pagkokomentaryo, ay magpapasya kung paano madaragdagan ang pagsunod sa mga itinatakda ng seksyon na ito at kung paano matutulungan ang mga negosyante para mas lalo nilang naiintindihan ang mga nauunang probisyon ng seksyon na ito at maaring, base sa gayong pagpapasya sa aboti ng kinakailangan at pagkakaakma, ay maglalabas ng --

(1) mga pamatnubay na naglalarawan ng partikular na mga klase ng asal, na kaugnay sa mga karaniwang klase ng mga pakikipag-ayos sa mga pagbebenta ng kalakalan-panluwass at mga kontrata sa negosyo, para sa mga layunin ng kasalukuyang patakaran para sa pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan, ang Punong Abogado ng Pamahalaan ang magpapasiya kung umaayon ang mga ito sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito; at

(2) mga pangkalahatang paraan sa pag-iingat na maaring kusang loob na gamitin ng mga domestic concern para itulad ang kanilang asal sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan ukol sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito.

Ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay maglalabas ng mga pamatnubay at mga pamamaraan na binabanggit sa nauunang pangungusap ayon sa mga probisyon ng sabkabanata II ng kabanata 5 ng Titulo 5 at yong mga pamatnubay at mga pamamaraan ay mapapasailalim sa mga probisyon ng kabanata 7 ng titulong iyon.

**(f) Mga opinyon ng Punong Abogado ng Pamahalaan**

(1) Ang Punong Abogado ng Pamahalaan, pagkatapos sumangguni sa naaakmang mga departamento at mga ahensya ng Estados Unidos at pagkatapos matanggap ang mga opinyon ng lahat ng mga interesadong tao sa pamamagitan ng isang pagpapatalastas sa madla at mga pagkokomentrayong, ay magtatatag ng pamamaraan na sagutin ang partikular na mga katanungan ng mga domestic concern tungkol sa kanilang pagsunod sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan ukol sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito. Ang Punong Abogado ng Pamahalaan, sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang ganoong kahilingan, ay maglalabas ng opinyonbilang tugon sa kahilingan na iyon. Sasabihin sa opinyon kung ang ilang mga partikular na maaring asal, para sa mga layunin ng kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan, ay lumalabag o hindi sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito. Ang karagdagang mga kahilingan para sa mga opinyon ay maaring ifayl sa Punong Abogado ng Pamahalaan tungkol sa iba pang partikular na maaring asal na hindi sakop sa mga asal na binabanggit sa nauunang mga kahilingan. Sa kahit anong aksyon na isinama na akma sa mga probisyon ng seksyon na ito, magkakaroon ng ganting-sagot na

pagsasapantaha, na ang asal na binanggit sa isang kahilingan ng domestic concern at na ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay naglabas ng opinyon na ang ganoong asal ay naaakma sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan, ay sumusunod sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito. Ang gayong pagsasapantaha ay maaring pakliin sa pamamagitan ng kahigitan ng ebidensya. Sa pagsasaalang-alang ng pagsasapantaha para sa mga layunin ng parapong ito, titimbangin ng korte ang lahat ng nauugnay na mga dahilan, kasama ngunit hindi nalilimita sa kung ang impormasyong isinumite sa Punong Abogado ng Pamahalaan ay wastong-wasto at kompleto at kung ito at nasa loob ng saklaw ng asal na binabanggit sa anumang kahilingang natanggap ng Punong Abogado ng Pamahalaan. Ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay magtatatag ng pamamaraan na itinatakda sa parapong ito ayon sa mga probisyon ng sab-kabanata II ng kabanata 5 ng Titulo 5 at itong mga pamamaraan ay alinsunod sa mga probisyon ng Kabanata 7 ng titulong iyon.

(2) ang kahit anong dokumento o iba pang materyales na ibinigay sa, natanggap ng, o ginawa sa Kagawaran ng Katarungan o kahit anong departamento o ahensya ng Estados Unidos na may kinalaman sa kahilingan ng domestic concern alinsunod sa pamamaraang itinatag sa ilalim ng parapo (1), ay di saklaw sa pagsisiwalat alinsunod sa seksyon 552 ng Titulo 5 at hindi, maliban na lang kung pinahintulutan ng domestic concern, maipapabatid sa madla, kahit sagutin ng Punong Abogado ng Pamahalaanang ang ganoong kahilingan o iurong ng domestic concern ang gayong kahilingan bago makatanggap ng tugon.

(3) Ang kahit sinong domestic concern na gumawa ng kahilingan sa Punong Abogado ng Pamahalaan alinsunod sa parapo (1) ay maaring iurong ang gayong kahilingan bago maglabas ang Punong Abogado ng Pamahalaan ng opinyon bilang tugon sa gayong kahilingan. Ang anumang inurong na kahilingan ay mawawalan ng bisa o epekto.

(4) Ang Punong Abogado ng Pamahalaan, sa abot ng magagawa, ay magbibigay ng napapanahong pamamatnubay tungkol sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan na may kinalaman sa mga nauunang probisyon ng seksyon na ito sa potensyal na exporter at mga maliit na negosyo na hindi nakakakuha nga payo ng isang dalubhasa ukol sa mga isyu na may kinalaman sa ganoong mga probisyon. Ang gayong gabay ay magiging limitado sa mga pagtugon sa mga kahilingan alinsunod sa parapo (1) na tungkol sa pag-alinsunod sa binabanggit na maaring asal na umaayon sa kasalukuyang patakaran ng pagpapatupad ng Kagawaran ng Katarungan na hinggil sa nauunang mga probisyon ng seksyon na ito at ng pangkalahatang paliwanag ng pagpapatupad ng mga responsibiliad at ng maaring pananagutan na alinsunod sa mga nauunang probisyon ng seksyon na ito.

**(g) Mga multa/parusa**

(1) (A) Ang alinmang domestic concern na hindi isang natural na tao at lumalabag sa sabseksyon (a) o (i) ng seksyong ito ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $2,000.000.

(B) Ang alinmang domestic concern na hindi isang natural na tao at lumalabag sa sabseksyon (a) o (i) ng seksyong ito ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $10,000 na ipinataw dahil sa isinampang kaso ng Punong Abogado ng Pamahalaan.

(2) (A) Ang kahit sinong natural na tao na isang opisyal, patnugot, empleyado o ahente ng isang domestic concern, o aksyonita na kumikilos sa ngalan ng gayong domestic concern, na sadyang nilalabag ang sabseksyon (a) o (i) ng seskyong ito ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $100,000 o ipakukulong ng hindi hihigit sa 5 taon o pareho.

(B) Ang kahit sinong natural na tao na isang opisyal, patnugot, empleyado o ahente ng isang domestic concern, o aksyonita na kumikilos sa ngalan ng gayong domestic concern, na nilalabag ang sabseksyon (a) o (i) ng seskyong ito ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $10,000 na ipinataw dahil sa isinampang kaso ng Punong Abogado ng Pamahalaan.

(3) Kapag pinagbabayad ng multa alinsunod sa parapo (2) ang kahit sinong opisyal, patnugot, empleyado, ahente, o aksyonista ng isang domestic concern, ang ganoong multa ay pwedeng hindi bayaran, nang tuwiran o di-tuwiran, ng gayong domestic concern.

**(h) Mga Kahulugan**

Para sa mga layuning ng seksyong ito:

(1) Ang terminong “domestic concern” ay --

(A) kahit sinong tao na isang mamamayan, nasyonal, o resident ng Estados Unidos; at

(B) kahit anong korporasyon, sosyohan, asosasyon, aksyong pinagsamang kompanya, negosyong nabuo sa pamamagitan ng trust, organisasyon na di-inkorporayted, o sariling pagmamay-ari na ang punong himpilan ay nasa Estados Unidos o binuo alinsunod sa mga batas ng Estados Unidos, o teritoryo, possession, o commonwealth ng Estados Unidos.

(2) (A) Ang terminong “opisyal ng ibang bansa” ay ang kahit sinong opisyal o empleyado ng gobyerno ng ibang bansa o ng kahit anong kagawaran, ahensya o sangay nito o ng isang pangmadlang organisasyon na pandaigdig, o ang kahit sinong taong kumikilos sa opisyal na kapasidad para sa o sa ngalan ng kahit anong gayong gobyerno o kagawaran, o ahensya, o sangay nito, o para sa o sa ngalan ng kahit anong pangmadlang organisasyon na pandaigdig.

(B) Para sa mga layunin ng sab-parapo (A), ang terminong “pangmadlang organisasyon na pandaigdig” ay --

(i) ang isang organisasyon na hinirang ng isang Utos Ehekutibo alinsunod sa Seksyon 1 ng Batas ukol sa mga Immunity ng mga Organisasyon na Pandaigdig(22 U.S.C.§ 288); o

(ii) ang kahit anong organisasyon na pandaigdig na hinirang ng Pangulo sa pamamagitan ng Utos Ehekutibo para sa mga layunin ng seksyon na ito, na may bisa simula sa petsa ng paglalathala ng gayong utos sa Rehistro Pederal.

(3) (A)Ang kalagayan ng isip ng isang tao ay "nalalaman" ang tungkol sa asal, sa isang sirkumstansya, o resulta, kung --

(i) ang gayong tao ay alam na ang isang tao ay may ginagawang kaasalan, na nangyayari ang ganoong sirkumstansya, o na ang ganoong resulta ay siguradong mangyayari; o

(ii) ang gayong tao ay may matinding paniniwala na umiiral ang ganoong sirkumstansya o na ang ganoong resulta ay siguradong mangyayari.

(B) Kapag kinakailangan ang kaalaman tungkol sa isang partikular na sirkumstansya para sa isang paglabag, ang ganoong kaalaman ay napapatibayan kung alam ng tao na may malaking probabilidad na nangyayari ang ganoong sirkumstansya, maliban kung ang tao ay talagang naniniwala na ang sirkumstansya ay hindi nangyayari.

(4) (A) Ang terminong "karaniwang kilos pangpamahalaan" ay ang karaniwang at kalimitang ginagawa ng opisyal ng ibang bansa sa--

(i) pagkukuha ng mga permit, mga lisensya, o ibang opisyal na mga dokumento upang maging marapat ang isang tao na makipagnegosyo sa ibang bansa;

(ii) paglalakad ng mga papeles pangpamahalaan, tulad ng mga bisa at mga panuto sa paggawa;

(iii) pagbibigay ng proteksyon ng pulisya, pagkukuha at paghahatid ng koreo, o pagtatakda ng mga inspeksyon na may kinalaman sa pagsasakatuparan ng kontrata o mga inspeksyon na kaugnay sa paglululan ng mga kalakal sa kabilang ibayo ng bansa;

(iv) pagbibigay ng mga serbisyo para sa telepono, kuryente at tubig, pagkakarga at pagdidiskarga ng mga karga, o pagpapangalaga na hindi bulok ang mga produkto o mga kalakal na bulukin; o

(v) mga kilos na tulad ng mga nauuna.

(B) Hindi kasama sa terminong "karaniwang kilos pangpamahalaan" ang kahit anong desisyon ng opisyal ng ibang bansa sa kung kanino, o sa anong mga kondisyon, igagawad ang bagong negosyo o kung ipagpapatuloy ang pakikipagnegosyo saisang partikular na partido, o ang kahit anong ginawa ng opisyal ng ibang bansa na may kinalaman sa pagdedesisyon upang himukin ang desisyon sa kung kanino igagawad ang bagong negosyo o kung ipagpapatuloy ang pakikipagnegosyo sa isang partikular na partido.

(5) Ang terminong "pakikipagkalakalan sa ibang estado" ay ang pakikipagkalakalan, transportasyon, o komuniskasyon sa mga ilang Estado, o sa pagitan ng kahit anong ibang bansa at kahit anong Estado o sa pagitan ng kahit anong Estado at kahit anong lugar o barko sa labas nito, at kasama sa gayong termino ang paggamit sa loob ng estado ng --:

(A) telepono o iba pang paraan ng pakikipagkomuniskasyon sa ibang estado, o

(B) kahit anong iba pang paraan ng pakikipagkomunikasyon sa ibang estado.

**(i) Alternatibong Hurisdiksyon**

(1) Magiging paglabag din sa batas para sa kahit sinong tao ng Estados Unidos na gumawa ng anumang katiwalian sa labas ng Estados Unidos sa pagsulong ng pag-alok, pagbayad, pangakong magbabayad o ng pagpapahintulot ng pagbayad ng kahit anong salapi, o alok, regalo, o pangakong magbibigay, o pagpapahintulot na magbibigay ng kahit anong bagay na may halaga sa kahit sinong mga tao o mga entidad na binabanggit sa mga parapo (1), (2) at (3) ng sabseksyon (a), para sa mga layuning itinatakda dito, hindi isinasaalang-alang kung ang gayong tao ng Estados Unidos ay ginagamit ang mga koreo o kahit anong paraan o instrumento ng pangangalakal sa loob ng estado sa pagsulong ng ganoong alok, regalo, kabayaran, pangako, o pahintulot.

(2) Tulad ng ginagamit sa sabseksyong ito, ang terminong "tao ng Estados Unidos" ay ang isang mamamayan ng Estados Unidos (tulad ng binabanggit sa seksyon 101 ng Batas ukol sa Imigrasyon at Nasyonalidad (8 U. S. C. § 1101)) o kahit anong korporasyon, kasosyo, asosasyon, aksyong pinagsamang kompanya, negosyong nabuo sa pamamagitan ng trust, korporasyon na di-inkorporayted, o sariling pagmamay-ari na itinatag alinsunod sa mga batas ng Estados Unidos o kahit anong Estado, teritoryo, possession, commonwealth ng Estados Unidos, o kahit anong dibisyong politikal nito.

**§ 78dd-3 Mga ipinagbabawal na pakikipagkalakalan sa ibang bansa ng mga tao na hindi mga taga-gawad o mga domestic concern**

**(a) Pagbabawal**

Magiging paglabag sa batas para sa kahit sinong tao na hindi isang taga-gawad na saklaw sa seksyon 30A ng Batas ukol sa mga Panagot at Palitan ng 1934 o isang domestic concern tulad ng binabanggit sa seksyon 104 nitong Batas, o para sa kahit sinong opisyal, patnugot, empleyado o ahente ng gayong tao o kahit sinong aksyonista nito na kumikilos sa ngalan ng ganoong tao, habang nasa teritoryo ng Estados Unidos, para gamitin sa masamang paraan ang mga koreo o kahit anong paraan o instrumento ng pakikipagkalakalan sa ibang estado o gawin ang anumang bagay sa pagsulong ng alok, kabayaran, pangakong magbabayad o pahintulot ng kabayaran ng

kahit anong salapi, o alok, regalo, pangakong magbibigay, o pahintulot para sa pagbibigay ng kahit anong bagay na may halaga sa--

(1) kahit sinong opisyal ng ibang bansa para sa mga layuning--

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng gayong opisyal ng ibang bansa sa kanyang opisyal na kapasidad, (ii) na kayagin ang gayong opisyal ng ibang bansa na gawin o hindi gawin ang kahit anong bagay na paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayung opisyal, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong opisyal ng ibang bansa na gamitin ang kanyang impluwensya sa gobyerno ng ibang bansa o sangay nito para makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng gayong gobyerno o sangay,

upang tulungan ang gayong tao sa pagkukuha o pagpapanatili ng kasama o sa, o sa pagbibigay ng negosyo sa, kahit sinong tao;

(2) kahit anong partidong politikal ng ibang bansa o opisyal nito o kahit sinong kandidato para sa panunungkulang politikal sa ibang bansa para sa mga layuning--

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng gayong partido, opisyal, o kandidato sa opisyal na kapasidad nito na, (ii) kayagin ang gayong partido, opisyal, o kandidato na gawin o hindi gawin ang isang bagay na paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayong partido, opisyal, o kadidato, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong partido, opisyal o kandidato na gamitin ang kanyang impluwensya sa gobyerno ng ibang bansa o sangay nito para makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng ganoong gobyerno o sangay.

upang tulungan ang gayong tao sa pagkukuha o pagpapanatili ng negosyo para sa o kasama sa, o sa pagbibigay ng negosyo sa, kahit sinong tao; o

(3) kahit sinong tao, bagamat alam na ang lahat o bahagi ng gayong salapi o bagay na may halaga ay iaalok, ibibigay, o ipapangako, nang direkta o hindi direkta, sa kahit sinong opisyal ng ibang bansa, sa kahit anong partidong politikal ng ibang bansa o opisyal nito, o sa kahit sinong kandidato para sa panununkulang politikal ng ibang bansa, para sa mga layuning --

(A) (i) impluwensyahan ang kahit anong gawa o desisyon ng gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido, o kandidato sa opisyal na kapasidad nito na, (ii) kayagin ang gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido, o kandidato na gawin o hindi gawin ang kahit anong bagay na paglabag sa matuwid na tungkulin ng gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido o kadidato, o (iii) makalamang sa hindi tamang paraan; o

(B) yakagin ang gayong opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, opisyal ng partido o kandidato na gamitin ang impluwensya nito sa gobyerno ng ibang bansa o sangay nito para makaapekto o makaimpluwensya sa kahit anong gawa o desisyon ng ganoong gobyerno o sangay,

upang tulungan ang gayong tao sa pagkukuha o pagpapanatili ng negosyo para sa o kasama sa, o sa pagbibigay ng negosyo sa, kahit sinong tao.

**(b) Eksepsyon sa karanwang aksyong pangpamahalaan**

Ang sabseksyon (a) ng seksyon na ito ay hindi magiging angkop para sa kahit anong pagpapabilis ng pagbayad sa  opisyal ng ibang bansa, partidong politikal o opisyal ng partido para sa layuning pabilisin o masiguro ang pagsasagawa ng karaniwang aksyon ng pamahalan, ng isang opisyal ng ibang bansa, partidong politikal, o opisyal ng partido.

**(c) Mga depensang afirmativo**

Magiging isang depensang afirmativo sa mga aksyon alinsunod sa sabseksyon (a) ng seksyon na ito na--

(1) ang kabayaran, regalo, alok, o pangako ng kahit anong may halaga na ginawa, naalinsunod sa mga nakasulat na batas at mga kautusan ng bansa ng opisyal, ng partidong politikal, ng opisyal ng partido o ng kandidato; o

(2) ang kabayaran, regalo, alok, o pangako ng kahit anong may halaga na ginawa, na makatwiran at totoong ginugol, tulad ng mga gastos para sa pamasahe at tirahan, ng o sa ngalan ng opisyal ng ibang bansa, partido, opisyal ng partido, o kandidato at direktang may kinalaman sa--

(A) ang promosyon, demonstrasyon o pagpapaliwanag ng mga produkto o mga serbisyo; o

(B) pagpapatupad o pagsasagawa ng kontrata sa pamahalaan ng ibang bansa o ahensya nito.

**(d) Injunctive relief (inuutos na lunas)**

(1) Kapag sa tingin ng Punong Abogado ng Pamahalaan na ang kahit sinong tao, o opisyal, patnugot, empleyado, ahente o aksyonista nito, na naaakma ang seksyong ito, ay gumawa, o gagawa, ng kahit anong bagay na paglabag sa sabseksyon (a) ng seksyong ito, ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay maaring, sa kanyang mabuting pagpapasya, magsampa ng isang kasong sibil sa naaangkop na korte distrito ng Estados Unidos para pigilin ang gayong kilos o kaugalian, at sa pamamagitan ng pagpapakita ng wastong ebidensya, ay pahihintulutan ang isang permanenteng injunction (utos ng pagbabawal) o pansamantalang restraining order (utos na pumipigil) na kung saan hindi pwede ang piyansa.

(2) Para sa layunin ng kahit anong imbestigasyong sibil na, sa opinyon ng Punong Abogado ng Pamahalaana, ay kinakailangan o nararapat para ipatupad ang itinatakda sa seksyong ito, ang

Punong Abogado ng Pamahalaan o ang kanyang hinirang na kinatawan ay may kapagyarihang magsagawa ng pagpapanumpa at pagpapatotoo,  isubpena ang mga testigo, kumuha ng ebidensya, at iutos na ilabas ang kahit anong mga libro, mga papeles, o mga ibang dokumentong na sa palagay ng Punong Abogado ng Pamahalaan ay nauugnay o mahalaga sa gayong imbestigasyon. Ang pagdalo ng mga testigo at ang paglalabas ng mga dokumentong ebidensya ay maaring iutos na manggaling mula sa kahit saang dako ng Estados Unidos, o kahit saang teritoryo, possessioni, o commonwealth ng Estados Unidos, at papuntahin/ipadala sa kahit saang lugar na itinakda para sa pagdinig.

(3) Kung sakaling suwayin o hindi sundin ang subpenang ipinadala sa, kahit sinong tao, ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay maaring humingi ng tulong sa kahit anong korte ng Estados Unidos na may hurisdiksyon sa ginagawang imbestigasyon o paglilitis , o sa kung saan  nakatira o nagnenegosyo ang taong iyon, sa pag-utos na dumalo at magtestigo ang mga testigo, at na ilabas ang mga libro, mga papeles, o iba pang mga dokumento. Ang anumang gayong korte ay maaring maglabas ng isang kautusan na inuutusan ang gayong tao na humarap sa Punong Abogado ng Pamahalaan o sa kanyang hinirang na kinatawan, para ipakita ang mga tala, kung iniuutos, o magtestigo tungkol sa bagay na iniimbestigahan. Ang kahit anong hindi pagsunod sa ganoong kautusan ng korte ay maaring parusahan ng korteng iyon ng pagsuway sa inuutos nito.

(4) Ang lahat ng proseso ng pag-abot sa anumang kaso kaso ay maaring gawin sa distritong panghudisyal na kung saan nakatira o makikita ang gayong tao. Ang Punong Abogado ng Pamahalaan ay maaring gumawa ng mga tuntunin na may kinalaman sa sibil na imbestigasyon kung ito ay kinakailangan o naaangkop para ipatupad ang mga probisyon ng sabseksyon na ito.

**(e) Mga multa/parusa**

(1) (A) Ang kahit anong entidad na lumabag sa sabseksyon (a) ng seksyong ito ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $2,000.000.

(B) Ang kahit anong entidad na lumabag sa sabseksyon (a) ng seksyong ito ay pagmumultahinng hindi hihigit sa $10,000 na ipinataw dahil sa isinampang aksyon ng Punong Abogado ng Pamahalaan.

(2) (A) Ang kahit sinong natural na tao na sadyang lumabag sa  sabseksyon (a) ng seskyong ito ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $100,000 o pagkakakulong ng hindi hihigit sa 5 taon o pareho.

(B) Ang kahit sinong natural na tao na lumabag sa sabseksyon (a) ng seskyong ito ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $10,000 na ipinataw dahil sa isinampang aksyong  ng Punong Abogado ng Pamahalaan.

(3) Kapag pinagbabayad ng multa alinsunod sa parapo (2) ang kahit sinong opisyal, patnugot, empleyado, ahente o aksyonista ng isang tao, ang ganoong multa ay pwedeng hindi bayaran nang tuwiran o hindi tuwiran, ng gayong tao.

**(f) Mga Kahulugan**

Para sa mga layuning ng seksyong ito:

(1) Ang terminong "tao" kapag tinutukoy ang maysala, ay ang kahit sinong natural na tao, maliban sa mamamayan ng Estados Unidos (gaya ng binabanggit sa 8 U.S.C. § 1101) o ang kahit anong korporasyon, sosyohan, asosasyon, aksyong pinagsamang kompanya, negosyong nabuo sa pamamagitan ng trust, organisasyon na di-inkorporayted, o sariling pagmamay-ari na binuo alinsunod mga batas ng ibang bansa o sabdibisyong politikal nito.

(2) (A) Ang terminong "opisyal ng ibang bansa" ay ang kahit sinong opisyal o empleyado ng gobyerno ng ibang bansa o kahit anong departamento, ahensya o sangay nito ong isang pangmadlang organisasyon na pandaigdig, o ang kahit sinong taong kumikilos sa opisyal na kapasidad para sa o sa ngalan ng kahit anong gayong gobyerno o departamento, ahensya,o sangay, o para sa o sa ngalan ng anumang gayong pangmadlang organisasyon na pandaigdig.

Para sa mga layunin ng sab-parapo (A), ang terminong "pangmadlang organisasyon na pandaigdigg organisasyon" ay –

(i) ang isang organisasyon na hinirang ng Utos Ehekutibo alinsunod sa Seksyon 1 ng Batas ukol sa mga Immunity ng mga Organisasyon na Pandaigdig (22 U.S.C.§ 288); o

(ii) ang kahit anong ibang organisasyon na pandaigdig na hinirang ng Pangulo sa pamamagitan ng Utos Ehekutibo para sa mga layunin ng seksyon na ito, may bisa magmula sa petsa ng paglalathala ng ganoong kautusan sa Rehistro Pederal .

(3) (A) ang kalagayan ng isip ng isang tao ay "nalalaman" ang tungkol sa asal, sa sirkumstansya, o resulta, kung --

(i) ang gayong tao ay alam na ang isang tao ay may ginawang kaasalan, na nangyayari ang ganoong sirkumstansya, o na ang ganoong resulta ay siguradong mangyayari; o

(ii) ang gayong tao ay may matinding paniniwala na umiiral ang ganoong sirkumstansya o na ang ganoong resulta ay siguradong mangyayarii.

(B) Kapag kinakailangan ang kaalaman tungkol sa isang partikular na sirkumstansya para sa isang paglabag, ang ganoong kaalaman ay napapatibay kung alam ng tao na may malaking posibilidad na nangyayari ang ganoong sirkumstansya, maliban kung ang tao ay talagang naniniwala na ang sirkumstansya ay hindi nangyayari.

(4) (A)Ang terminong "karaniwang kilos pangpamahalaan" ay ang karaniwang at kalimitang ginagawa ng isang opisyal ng ibang bansa sa --

(i) pagkukuha ng mga permit, mga lisensya, o ibang opisyal na mga dokumento upang maging marapat ang isang tao na makipagnegosyo sa ibang bansa;

(ii) paglalakad ng mga papeles pangpamahalaan, tulad ng mga bisa at mga panuto sa paggawa;

(iii) pagbibigay ng proteksyon ng pulisya, pagkukuha at paghahatid ng koreo, o ang pagtatakda ng mga inspeksyon na may kinalaman sa pagsasakatuparan ng kontrata o mga inspeksyon na kaugnay sa paglululan ng mga kalakal sa kabilang ibayo ng bansa;

(iv) pagbibigay ng mga serbisyo para sa telepono, kuryente at tubig, pagkakarga at pagdidiskarga ng, o pagpapangalaga na hindi bulok ang mga produkto o mga kalakal na bulukin ; o

(v) mga kilos na tulad sa mga nauuna.

(B) Hindi kasama sa terminong "karaniwang kilos pangpamahalaan" ang kahit anong desisyon ng opisyal ng ibang bansa sa kung kanino, o sa anong mga kondisyon, igagawad ang bagong negosyo
o kung ipagpapatuloy ang pakikipagnegosyo sa partikular na partido, o ang kahit anong ginawa ng opisyal ng ibang bansa na may kinalaman sa pagdedesisyon upang himukin ang desisyon sa kung kanino igagawad ang bagong negosyo o kung ipagpapatuloy ang pakikipagnegosyo sa isang partikular na partido.

(5) Ang terminong "pakikipagkalakalan sa ibang estado" ay ang pakikipagkalakan, transportasyon, o komuniskasyon sa mga ilang Estado, o sa pagitan ng kahit anong ibang bansa at kahit anong Estado o sa pagitan ng kahit anong Estado at kahit anong lugar o barko sa labas nito, at kasama sa gayong termino ang paggamit sa loob ng estado ng--

(A) telepono o iba pang paraan ng pakikipagkomuniskasyon sa ibang estado, o

(B) kahit anong iba pang paraan ng pakikipagkomunikasyon sa ibang estado

**§ 78ff. Mga multa/parusa**

**(a) Kusang mga paglabag; mga pahayag na hindi totoo at mapanlinlang**

Ang kahit sinong tao na kusang lumabag sa kahit anong probisyon ng kabanatang ito (maliban sa seksyon 78dd-1 ng titulong ito), o kahit anong tuntunin o regulasyon sa ilalim nito na ang ginawang paglabag ay labag sa batas o inuutos ang pagsunod sa mga kondisyon ng kabanatang ito, o kahit sinong tao na kusang magbigay, o nagsasanhing magbigay, ng kahit anong pahayag sa kahit anong aplikasyon, tala, o dokumento na kailangang ifaylalinsunod sa kabanatang ito o kahit anong tuntunin o regulasyon sa ilalim nito o kahit anong pangako na nasa pahayag sa rehistrasyon tulad ng itinatakda sa sabseksyon (d) ng seksyon 78o ng titulong ito, o ng kahit

anong organisasyong may kanilang sariling mga regulasyon at mga pamantayan na kaugnay sa aplikasyon para sa pagiging miyembro o sa pagsali dito o para maging kasosyo ng isang miyembro nito, na ang ginawang pahayag na tungkol sa kahit anong mahalagang impormasyon, ay hindi totoo o mapanlinlang, na kapag napatunayan ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $5,000,000, o ipabibilanggo ng hindi hihigit sa 20 taon, o pareho, maliban kung ito ay hindi isang natural na tao, maaring magpataw ng multang hindi hihigit sa $25,000,000 ; ngunit walang sinuman ang makukulong alunsunod sa itinatakda sa seksyong ito na para sa paglabag ng kahit anong tuntunin o regulasyon, kung napatunayan niya na hindi niya nalalaman ang tungkol sa gayong tuntunin o regulasyon.

**(b) Hindi pagfayl ng mga impormasyon, mga dokumento, o mga tala**

Ang kahit sinong taga-gawad na hindi nagfayl ng mga impormasyon, mga dokumento, o mga tala na kinakailangang ifayl alinsunod sa sabseksyon (d) ng seksyon 78o ng titulong ito o kahit anong tuntunin o regulasyon alinsunod dito ay magbabayad sa Estados Unidos ng halagang $100 para sa bawat araw at sa araw-araw na patuloy na hindi nagfafayl. Ang gayong pagbabayad ay sa halip ng anumang parusa sa kasong kriminal para sa hindi pagfafayl na maaring ipalagay na mula sa sabseksyon (a) ng seksyong ito, ay mababayaran sa Ingatang-bayan ng Estados Unidos at mababawi sa pamamagitan ng isang kasong sibil sa pangalan ng Estados Unidos.

**(c) Mga paglabag ng mga taga-gawad, mga opisyal, mga patnugot, mga aksyonita, mga empleyado, o mga ahente ng mga taga-gawad**

(1) (A) Ang kahit sinong taga-gawad na lumabag sa sabseksyon (a) o (g) ng seksyong 30A ng titulong ito [15 U.S.C. § 78dd-1] ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $2,000,000.

(B) Ang kahit sinong taga-gawad na lumabag sa sabseksyon (a) o (g) ng seksyon 30A ng titulong ito[15 U.S.C. §78dd-1] ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $10,000 na ipinataw dahil sa isang aksyong isinampa ng Komisyon.

(2) (A) Ang kahit sinong opisyal, patnugot, empleyado, o ahente, o aksyonista na kumikilos sa ngalan ng taga-gawad, na kusang lumabag sa sabseksyon (a) o (g) ng seksyon 30A ngtitulong ito [15 U.S.C. §78dd-1] ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $100,000, o ipabibilanggo ng hindi hihigit sa 5 taon, o pareho.

(B) Ang kahit sinong opisyal, patnugot, empleyado, o ahente, o aksyonista na kumikilos sa ngalan ng taga-gawad, na lumabag sa sabseksyon (a) o (g) ng seksyon 30A ng titulong ito [15 U.S.C. §78dd-1] ay pagmumultahin ng hindi hihigit sa $10,000 na ipinataw dahil sa isang aksyong isinampa ng Komisyon.

(3) Kapag pinagbabayad ng multa alinsunod sa parapo (2) ang kahit sinong opisyal, patnugot, empleyado, ahente, o aksyonita ng taga-gawad, ang gayong multa ay pwedeng hindi bayaran, nang tuwiran o di-tuwiran, ng gayong taga-gawad.